

ANG BCG AT ANG IYONG SANGGOL

Pagbabakuna – ang pinakaligtas na paraan upang maprotektahan ang iyong anak

Ang polyeto na ito ay ukol sa bakuna na BCG (Bacillus Calmette-Guerin) na inihahandog upang maprotektahan ang iyong sanggol laban sa tuberculosis (TB).

Ano ang bakuna na BCG?

Ang bakuna na BCG ay nagtataglay ng isang pinahinang anyo ng bakterya (germs) na sanhi ng TB. Sapagkat ito ay pinahina ay hindi ito talaga nagdudulot ng TB, ngunit tinutulungan nito ang iyong sanggol na magkaroon ng proteksyon (resistensya) laban sa sakit kung sakaling makaharap niya ito.

Ano ang TB?

Ang TB ay isang malubhang nakahahawang sakit na maaaring magdulot sa TB meningitis (pamamaga ng pabalat ng utak) sa mga sanggol. Sa mga kabataan at sa mga nasa wastong edad ay karaniwan itong dumadapo sa baga, ngunit maaari din itong maapektuhan ang mga glands, utak o buto. Karaniwan sa mga tao sa bansa na ito ay ganap na gumagaling matapos ang paggamot, ngunit maaari itong tumagal ng ilang mga buwan.

Paano nakukuha ang TB?

Maaari mo lamang makuha ang TB mula sa isang tao na may baga o lalamunan na naimpeksyon na at umuubo. Kapag sila ay umubo, may isang buga ng mga maliliit na tulo ang nabubuo na nagtataglay ng mga germs. Kapag nalanghap mo ang mga maliliit na tulo ay maaari mo din makuha ang sakit. Bagaman ang mga maliliit na tulo na ito ay maaaring manatili sa hangin sa loob ng ilang panahon, sa pangkalahatan ay kailangan ng malapitan at matagalang pagkaharap sa isang nakahahawang tao upang kumalat ang karamdaman.

Gaano kalaganap ang TB?

Sa UK noong dekada 1950, mayroong higit sa 50,000 bagong mga kaso ng TB bawat taon. Ngayon, ang bilang na ito ay bumaba sa humigit-kumulang 7,000 bagong kaso bawat taon, ngunit ito ay tumaas pa din mula sa humigit-kumulang 5,500 bagong kaso bawat taon sa maagang bahagi ng dekada ng 1990. Kung kaya't bagaman malabo na ikaw ay mahawaan, ang lahat ay dapat na magkaroon ng kamalayan ukol sa mga sintomas ng TB. Ito ay lubhang mahalaga sapagkat ang TB ay isang napakalaganap na karamdaman sa buong mundo. Sa harap ng dumaraming mga tao na naglalakbay sa buong mundo, tumataas din ang panganib na ang mga tao na nanirahan o nagtrabaho sa ibang bansa ay makakaharap ang karamdaman at madadala ito sa bansang ito.

Anu-ano ang mga sintomas ng TB?

Ang TB ay maaaring maka-apekto sa halos alinmang bahagi ng katawan, kung kaya't iba't-iba ang mga sintomas at ang senyales ng karamdaman sa isang sanggol ay maaaring kaiba sa mga matatagpuan sa isang nasa wastong gulang. Subalit, sapagkat nakahahawa ang TB, mahalaga na makilala mo ang karamdaman kapag ito ay taglay ng ibang tao. Kailangan mong makipag-ugnayan sa isang duktore kung ang iyong sanggol, o sinumang iba mo pang kapamilya, o kaibigan, ay mayroong alinman sa sumusunod:

- isang ubo na tumatagal nang higit sa 3 linggo
- lagnat
- pagpapawis, lalo na sa gabi
- pagbabawas ng timbang
- paghahapo
- pag-uubo ng dugo

Bakit hinahandugan ng BCG ang aking sanggol na anak?

Sa UK, tulad ng maraming iba pang mga bansa, ang BCG ay inihahandog sa mga sanggol na mas malamang na makakaharap sa isang tao na mayroong TB, kung ihahambing sa pangkalahatang populasyon. Ito ay sapagkat nakatira sila sa isang lugar kung saan laganap ang TB o di kaya'y ang kanilang mga magulang o lolo at lola ay nanggaling sa isang bansa kung saan laganap ang TB. Sa pangkalahatan, ang tinutukoy nito ay ang mga sanggol na nakatira sa mga lugar sa sentro ng siyudad. Ang bakuna ay karamdamang inihahandog matapos ang pagkapanganak habang ang iyong sanggol ay nasa ospital pa, ngunit maaari din itong maihandog anumang oras.

Paano binabakunahan ang aking sanggol?

Ang iyong sanggol ay karaniwang bibigyan ng bakunang BCG sa itaas na bahagi ng kaliwang braso.

Mayroon bang anumang mga side effect?

Pagkatapos agad ng pag-iniksyon, may lilitaw na nakaangat na pantal. Ang ibig sabihin nito ay wastong naibigay ang pag-iniksyon.

Sa loob ng 2 hanggang 6 linggo ng pag-iniksyon ay may lilitaw na maliit na kulay-pulang tuldok. Maaari itong mamaga sa loob ng ilang mga araw, ngunit dahan-dahan itong gagaling kung hindi mo ito tatakpan. Maaari itong mag-iwan ng isang maliit na peklat.

Paminsan-minsan, ang ilang mga sanggol ay maaaring magkaroon ng isang mababaw na singaw o sugat kung saan sila ininiksyunan. Kung may lumalabas na likido mula dito at kailangang matakpan, gumamit ng isang tuyo na pantapal – huwag kailanman gagamit ng plaster – hanggang sa may mamuong langib. Ang singaw o sugat na ito ay maaaring tumagal ng ilang mga buwan bago gumaling.

Kung ikaw ay nababahala o kung sa tingin mo ay na-impeksyon na ang singaw o sugat, makipag-tagpo sa iyong duktur.

Mayroon bang anumang mga kadahilanan kung bakit hindi dapat mabigyan ng bakunang BCG ang aking sanggol na anak?

Tulad ng iba pang mga pagbabakuna, hindi dapat maibigay ang pag-iniksyon at kailangan itong ipagpaliban kung ang iyong sanggol na anak ay:

- may mataas na lagnat
- sumasailalim sa paggamot laban sa kanser o iba pang mga malubhang kundisyon na nagpapahina sa sistema ng resistensya
- positibo para sa HIV, o
- dumaranas ng isang pangkalahatang karamdaman sa balat, tulad ng eczema.

Kailangan ko pa ba ng anumang karagdagang kaalaman?

Ang iyong sanggol na anak ay maaaring mag-umpisa sa kaniyang paulit-ulit na mga pagbabakuna para sa diphtheria, tetanus, pertussis (whooping cough), polio, Haemophilus influenzae type b (Hib) at meningitis C sa pagsapit ng 2 buwang gulang kahit na kailan sila nakatanggap o makakatanggap ng kaniyang bakuna na BCG.

Subalit, kailangan mong siguraduhin na ang iyong sanggol na anak ay hindi bibigyan ng isang pang iniksyon sa parehong braso kung saan niya natanggap ang bakunang BCG sa loob ng hindi bababa sa 3 buwan matapos ang pagbakuna, kung hindi ay maaaring mamaga ang mga glands sa bahagi na iyon.

Siguraduhin mo din na mayroong pagtala ng pagbakuna ng BCG sa Pansariling Talaan ng Kalusugan ng Bata o Personal Child Health Record (PCHR) ng iyong sanggol na anak bilang sanggunian sa hinaharap.

Mga bansa kung saan laganap ang TB

Laganap ang TB sa mga bansa na nakalista sa ibaba. Kung ikaw ay sumagot ng 'OO' sa alinman sa mga katanungan na ito ay kailangang makatanggap ng bakunang BCG ang iyong sanggol na anak kung hindi pa siya nakakatanggap nito.

- Ikaw ba, o ang iyong pamilya o ang ama ng iyong anak ay nanggaling sa alinman sa mga bansang ito?
- Ikaw ba o ang iyong sanggol na anak ay maninirahan sa loob ng higit sa isang buwan
o madalas na naglalakbay sa alinman sa mga bansang ito sa malapit na hinaharap?
- Mayroon bang sinumang tao sa iyong kabahayan, o sinumang ibang tao na matagalan
at malapitang nakaharap ng iyong sanggol na anak, na siyang mayroong TB, o nagkaroon nito sa nakaraan, o nanggaling sa alinman sa mga bansang ito?

Afghanistan	Cook Islands	Japan
Albania	Côte d'Ivoire	-----
Algeria	Croatia	Kazakhstan
American Samoa	-----	Kenya
Angola	Democratic People's	Kiribati
Argentina	Republic of Korea	Kuwait
Armenia	Democratic People's	Kyrgyzstan
Azerbaijan	Republic of Congo	Korea
-----	Djibouti	-----
Bahamas	Dominican Republic	Lao People's
Bahrain	-----	Democratic
Bangladesh	Ecuador	Republic
Belarus	El Salvador	Latvia
Belize	Equatorial Guinea	Lesotho
Benin	Eritrea	Liberia
Bhutan	Estonia	Lithuania
Bolivia	Ethiopia	-----
Bosnia Herzegovina	-----	Macedonia
Botswana	Gabon	Madagascar
Brazil	Gambia	Malawi
Brunei Darussalam	Georgia	Malaysia
Burma (Myanmar)	Ghana	Mali
Bulgaria	Guam	Marshall Islands
Burkina Faso	Guatemala	Mauritania
Burundi	Guinea	Mauritius
-----	Guinea-Bissau	Mexico
Cambodia	Guyana	Micronesia
Cameroon	-----	(Federated
Cape Verde	Haiti	States of)
Central African Republic	Honduras	Moldova
Chad	-----	Mongolia
China	India	Morocco
Colombia	Indonesia	Mozambique
Comoros	Iraq	Myanmar
Congo	-----	

10

Namibia	Turkey
Nepal	Turkmenistan
New Caledonia	Tuvalu
Nicaragua	-----
Niger	Uganda
Nigeria	Ukraine
Northern Mariana Islands	United Republic of
-----	Tanzania
Pakistan	Uzbekistan
Palau	-----
Panama	Vanuatu
Papua New Guinea	Venezuela
Paraguay	Viet Nam
Peru	Yemen
Pilipinas	Zambia
-----	Zimbabwe
Qatar	

Republic of Korea	
Republic of Moldova	
Romania	
Russian Federation	
Rwanda	

Samoa	
Sao Tome and Principe	
Saudi Arabia	
Senegal	
Serbia & Montenegro,	
Seychelles	
Sierra Leone	
Singapore	
Solomon Islands	
Somalia	
South Africa	
Sri Lanka	
Sudan	
Suriname	
Swaziland	
Syrian Arab Republic	

Tajikistan	
Tanzania	
Thailand	
Timor-Leste	
Toga	
Tokelau	
Tonga	

Tandaan, matatagalan nang husto ang paggamot ng TB, lubhang mas madali ang pag-iwas dito.

Tawagan ang NHS Direct sa numerong 0845 46 47

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pagprotekta sa iyong sarili, sa iyong pamilya o mga kaibigan laban sa TB, maaari kang makipag-ugnayan sa:

- NHS Wales Direct sa 0845 46 47
 - sa iyong duktor
- o sa**
- TB Alert, isang kawang-gawa na nakatuon sa pagsulong ng kamalayan ukol sa karamdaman at sa paglaban dito sa buong mundo

Maaaring makipag-ugnayan sa TB Alert sa:

22 Tiverton Road
London
NW10 3HL
Telepono: 0845 456 0995
E-mail: info@tbalert.org
Rehistradong Numero ng Kawang-gawa: 1071886

Maaari mo ding bisitahin ang mga sumusunod na website:

www.who.int
www.hpa.org.uk
www.tbalert.org
www.dh.gov.uk
www.immunisation.nhs.uk

NHS Wales Direct Interactive – isang serbisyo na nagdudulot ng mga pangkalahatang impormasyong pang-kalusugan ay maaaring makuha sa digital satellite TV sa pamamagitan ng pagpindot sa pindutan para sa interactive na nasa remote control.

Ang polyetong ito ay maaari ding makuha sa website ng Punong Opisyal na Pang-Medikal (Chief Medical Officer) para sa Wales:

<http://www.cmo.wales.gov.uk/content/work/immunisation/index-e.htm>

at sa mga sumusunod na wika:

ARABIC
BULGARIAN
BENGALI
CZECH
SPANISH
FARSI
FRENCH
GUJARATI
HINDI
KURDISH (SORANI)
LINGALA

PUNJABI
POLISH
PORTUGUESE
RUSSIAN
SOMALI
SWAHILI
TAGALOG
URDU
VIETNAMESE
CHINESE

Ang mga kopya ay maaaring mai-download mula sa website o makuha mula sa:

Public Health Protection Division
Welsh Assembly Government
Cathays Park, Cardiff, CF10 3NQ

Mga kontak:

E-mail: jenny.thorne@wales.gsi.gov.uk
Telepono: Neil Robins 029 2082 5397 o
Matthew Thomas 029 2082 5410



© Crown Karapatang-kopya Hunyo 2005
Ang teksto ay hango sa isang orihinal na pahayagan ng Department of Health
Disenyo ng: Welsh Assembly Government

TL - TAGALOG